

# MEDIA RELEASE

County of Santa Clara  
Office of the County Assessor  
County Government Center, East Wing  
70 West Hedding Street  
San Jose, California 95110-1770  
1-408-299-5588 FAX 1-408-297-9526  
E-Mail: david.ginsborg@asr.sccgov.org  
Web Site: <http://www.sccassessor.org/>



---

*Lawrence E. Stone, Assessor*

Para sa Agarang Release:  
7/20/16

Taong Tatawagan: David Ginsborg  
(408) 299-5572

Ginawang available ng tanggapan ng assessor ang impormasyon tungkol sa buwis sa ari-arian  
Assessor Larry Stone: “Layunin naming matutunan ang iyong wika.”

Inanunsyo ni County Assessor Larry Stone na ginawa nang available ng Tanggapan ng Assessor ang impormasyon tungkol sa buwis sa ari-arian sa pitong iba’t ibang wika. “Sa simula pa lang, pangunahing priyoridad na ng aking tanggapan ang serbisyo sa customer. Kaya ang pagbibigay ng mahalagang impormasyon gamit ang maraming wika ay isang bahagi lang ng aming mahusay na pamamaraan upang matulungan ang mga may-ari ng ari-arian na may limitadong kakayahang magsalita ng Ingles,” sabi ni Stone. Sa nakaraang taon, nakatanggap ang Tanggapan ng Assessor ng mahigit 300 kahilingan para sa tulong sa pagsasaling-wika mula sa mga indibidwal na hindi lang nagsasalita ng Espanyol ngunit gayundin ang Chinese, Tagalog at ilang iba pang mga wika.

“Mahirap maintindihan ang mga buwis sa ari-arian,” sabi ni Stone. “Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sagot sa ilan sa mga pinakamadalas itanong—sa pitong iba’t ibang wika—sa aming website 24/7, mas pinapadali namin ito. Partikular na nakakatulong ito para sa mga residente na maraming trabaho, at wala nang oras upang pumunta sa aming tanggapan kapag nasa oras ng negosyo. Nakatira tayo sa isa sa mga komunidad na may magkakaibang kultura sa United States, kaya mahalagang matulungan namin ang mga residente sa pamamagitan ng pag-alis sa bumabalakid na wika. Nauunawaan ko rin ang mga problemang kinakaharap ng mga bagong residente.”

“Pinupuri ko si County Assessor Larry Stone dahil sa muling pagpapakita ng kanyang pagtuon sa pagbibigay ng mahusay na serbisyo sa customer,” sabi ni Assembly member Kansen Chu. “Makakatulong ang impormasyong ito sa mga residente na mas maintindihan kung paano gumagana ang sistema ng buwis sa ari-arian, upang maranasan din nila ang American dream.” Ang impormasyon ay para sa mga bagong homeowner, pati na rin sa mga residenteng pinag-iisipang muling idisenyo o palawakin ang kanilang bahay. Dagdag pa rito, ang mga brochure ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng buwis sa ari-arian na available sa mga beterano, matanda, may kapansanan at residenteng mababa ang kita.

Sinasalin ng Tanggapan ng Assessor ang impormasyon tungkol sa sistema ng buwis sa ari-arian sa mga sumusunod na wika:

Chinese

Korean

Tagalog

Espanyol

Hindi

Japanese

Vietnamese

“Bukod pa rito, patuloy kaming bumubuo ng team ng mga appraiser, auditor at iba pang propesyunal na sumasalamin sa iba’t ibang taong pinaglilingkuran namin,” sabi ni Stone. Ang Tanggapan ng Assessor ay may labindalawang (12) miyembro ng staff na partikular na nakatalaga upang magbigay ng mga real time na pagsasaling-wika sa Espanyol, Vietnamese at Chinese.



Dagdag pa rito, ang Tanggapan ng Assessor ay nag-aalok ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika sa pamamagitan ng telepono na nagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika sa mahigit 200 wika.